Società Italiana di Pediatria

SIN Società Italiana di Neonatologia

# Protektahan ang inyong anak




*Isinulat nina*

**Rocco Russo**
Massimo Agosti
Rino Agostiniani
Giovanni Corsello
Fabio Mosca
Alberto Villani


**LINGUA FILIPPINA**

***Huwag nang ipagpaliban pa!***

IKALAWANG EDISYON



# Mahal na mga Magulang,

Sa pamamagitan nitong bagong *booklet*, muli naming ipinababatid ang aming tungkulin hindi lamang sa pagsagot ng inyong mga katanungan, kundi pati na rin sa pagwasto ng mga di-eksakto o maling impormasyong umiikot lalo na sa *social media* at sa mga makabagong *digital* na teknolohiya.

Ang *pediatrician* ay magsisilbing *resource person* para sa proteksyon ng kalusugan ng inyong mga anak sa kanilang paglaki. Sila rin ay gaganap ng malaking papel sa pag-iwas sa mga sakit na nakadudulot ng impeksyon (*infectious diseases*), na maiiwasan sa pamamagitan ng mga *antibodies* at bakuna. Ang mga ito ay ilan sa mga pinakaligtas at pinakamabisang lunas sa kalusugang pampubliko.

Sa ganitong paraan ng pag-iwas sa mga sakit, maaaring matamo ang dalawang pangunahing layunin: ang proteksyon ng inyong mga anak at ang pagbibigay ng proteksyon sa mga batang hindi maaaring mabakunahan dahil sa mga partikular na kundisyon ng kalusugan. Ang mga batang di-mabakunahan ay may mas lalong mataas na posibilidad na magkaroon ng impeksyon o makakuha ng malulubhang karamdaman.

Dahil sa pagbabakuna, bumababa ang bilang ng maraming *infectious diseases*. Kasama na rin dito ang pananaw ng populasyon tungkol sa kalubhaan ng mga nasabing karamdaman. Ngunit, malinaw na inaabisuhan din ang mga magulang na ang pagpapabaya sa mga *infectious diseases* na ito ay magdudulot ng mas malawak na pagkalat nito sa buong populasyon.


Kami ay naniniwalang dapat maging pangunahing basihan ang klaro at wastong impormasyon sa desisyong malaya at maalam. Para sa mga katanungan o pag-aalinlangan tungkol sa bisa, kaligtasan at kahalagahan ng mga *antibodies* at bakuna, inaanyayahan naming kayong kumonsulta sa inyong *neonatologist* at *primary care pediatrician*, ang mga responsableng tauhan ng sentro ng pagbabakuna (*centro vaccinale*) ng inyong lugar, o ang pag-*search* sa mga panginstituyong *websites*.

Binabati naming kayo ng maligayang pag-iwas at proteksyon laban sa mga sakit!

Società Italiana di **Pediatria**

SIN Società Italiana di Neonatologia

Mahal na magulang, sa pagitan ng **araw ng kapanganakan** hanggang sa edad na **13-15 buwang gulang**, nararapat na mabakunahan si baby ayon sa takdang panahon ng pagbabakuna:




## Para sa mga sanggol at bata na nakararanas ng unang yugto (oktubre-abril) ng Respiratory Syncytial Virus (RSV)


- *Isang dosis* ng **monoclonal antibody (laban sa RSV)** sa pamamagitan ng pagturok ng ineksyon sa kanang hita.



## Sa edad na 3 buwan *(ika-61 araw pagkatapos ng kapanganakan)*

- *Unang dosis* ng **bakuna laban sa Rotavirus** sa pamamagitan ng diretsong pagpapainom.
- *Unang dosis* ng **bakunang Hexavalent** (laban sa Diphtheria, Tetanus, Pertussis o ‘Whooping Cough’, Polio, Hepatitis B, Hib o ‘Haemophilus influenza type b’) sa pamamagitan ng pagturok ng ineksyon sa kanang hita.
- *Unang dosis* ng **bakuna laban sa Pneumococcal disease** sa pamamagitan ng pagturok ng ineksyon sa kaliwang hita.





## Pagkalipas ng 30 araw *(ika-91 araw pagkatapos ng kapanganakan)*

- *Unang dosis* ng **bakunang Menigococcal B** sa pamamagitan ng pagturok ng ineksyon sa kanang hita.
- *Ika-2 dosis* ng **bakuna laban sa Rotavirus** sa pamamagitan ng diretsong pagpapainom.

*Paalala:* Sa ilang mga Rehiyon kung saan kasalukuyang ginagamit ang apat na dosis ng *20-valent pneumococcal vaccine* (PCV20), ibinibigay ang isa pang dosis ng PCV20 sa pamamagitan ng pagturok nito sa kaliwang hita.

## Pagkalipas ng 30 araw *(pagsapit ng ika-5 buwan o ika-21 araw)*

- *Ika-2 dosis* ng **bakunang Hexavalent** (laban sa Diphtheria, Tetanus, Pertussis o ‘Whooping Cough’, Polio, Hepatitis B, Hib o ‘Haemophilus influenza type b’) sa pamamagitan ng pagturok ng ineksyon sa kanang hita.
- *Ika-2 dosis* ng **bakuna laban sa Pneumococcal disease** sa pamamagitan ng pagturok ng ineksyon sa kaliwang hita.
- *Ika-3 dosis* ng **bakuna laban sa Rotavirus** sa pamamagitan ng diretsong pagpapainom.



brochure_vaccinazioni-ed2_PH.indd 4 09/09/25 16:48

## Pagkalipas ng 30 araw
### *(pagsapit ng ika-6 na buwan o ika-51 araw)*


- *Ika-2 dosis* ng **bakunang Meningococcal B** sa pamamagitan ng pagturok ng ineksyon sa kanang hita.



## Sa edad na 11 buwan



- *Ika-3 dosis* ng **bakunang Hexavalent** (laban sa Diphtheria, Tetanus, Pertussis o 'Whooping Cough', Polio, Hepatitis B, Hib o 'Haemophilus influenza type b') sa pamamagitan ng pagturok ng ineksyon sa kanang hita.
- *Ika-3 dosis* ng **bakuna laban sa Pneumococcal disease** sa pamamagitan ng pagturok ng ineksyon sa kaliwang hita.



## Sa edad na 12 buwan

- *Unang dosis* ng **bakunang Meningococcal ACWY** sa pamamagitan ng pagturok ng ineksyon sa kanang hita.
- *Unang dosis* ng **bakunang MPRV** sa pamamagitan ng pagturok ng ineksyon sa kaliwang hita.



## Pagkatapos ng 13 buwan

- *Ikatlong dosis* ng **bakunang Meningococcus B** na itinuturok sa kaliwang hita (may *booster shot* na ibinibigay sa loob ng anim na buwan matapos ibigay ang naunang dalawang bakuna).

## Para sa mga batang malulusog na may edad 6 na buwan hanggang 6 na taon

- **Bakuna kontra-influenza (*trangkaso*)**: isang dosis kada taon, ngunit dalawang dosis ang ibinibigay sa mga batang hindi pa nababakunahan, alinsunod sa mga taunang rekomendasyong inilalahad sa isang *memorandum* ng Ministro ng Kalusugan (*Ministero della Salute*).



brochure_vaccinazioni-ed2_PH.indd 5 09/09/25 16:48

Mahal na magulang, narito ang ilang impormasyon patungkol sa mga nakahahawang karamdaman na salamat sa bakuna ay maaaring iwasan ng iyong anak bilang sanggol **hanggang sa unang 13-15 buwan** ng kanyang buhay:

## Syncytial Respiratory Virus (SRV)

Ang SRV ay isang *virus* na lubhang nakahahawa. Bukod sa nakadudulot ito ng mga taon-taunang epidemya tuwing panahon ng tag-lagas at tag-niyebe sa mga *temperate climates*, ito ang pinaka-pangunahing sanhi ng *bronchiolitis* at pag-*confine* sa ospital ng mga batang hindi pa nakakukumpleto ng isang taon. Ang isang taong may impeksyong taglay ng virus na ito ay nakahahawa ng iba sa pamamagitan ng *droplet* o *particle transmission* sa hangin. Nangyayari ito kapag siya ay humihinga, nagsasalita, umuubo o bumabahing. Ito rin ay maaaring kumalat sa pamamagitan ng mga talsik mula sa pagbahing na nakaaabot sa mga bagay na hinahawakan ng mga tao. Sila rin ay maaaring magkaroon ng impeksyon dahil sa paghawak nito – nakokontamina nila ang ilong, bibig o mga mata. Ang pamamaraan ng pagkalat (*mode of transmission*) nito ay karaniwan sa mga bagong silang na sanggol at sa mga maliliit na batang humahawak ng mga kontaminadong mga bagay at laruan, tapos inilalagay ang mga ito sa bibig.



## Impeksyong dulot ng Rotavirus

Kadalasang palatandaan ng simula ng sakit ang lagnat at pagsusuka ng bata na sa loob ng 24-28 oras ay masusundan ng matubig na pagtatae. Mananatili ang mga sintomas na ito nang 3-8 araw. Sa mga malalang kaso na malimit na nangyayari sa mga sanggol, kinakailangang mamalagi ng pasyente sa ospital dahil sa dehydration o kakulangan ng tubig sa katawan na resulta ng pagsusuka, diarrhea at kawalan ng kakayahang uminom gawi ng kanyang malimit na pagsusuka. Walang natatanging paraan ng gamutan. Para labanan ang dehydration, nararapat na bigyan ang sanggol ng masusustansyang likido sa pamamagitan ng suero o IV (intravenous feeding) o sa pamamagitan ng diretsong pagpapainom kung kakayanin. Ang bakuna laban sa rotavirus ay ibinibigay sa pamamagitan ng diretsong pagpapainom. Ipinagbibilin na pabakunahan ang lahat ng sanggol sa pagsapit ng ika-6 na linggo ng buhay. Ang bakunang ito ay mayroong 2 o 3 dosis.



brochure_vaccinazioni-ed2_PH.indd 6 09/09/25 16:48

## Impeksyong Diphtheria

Kasama sa mga palatandaan ng sakit na ito ang makapal na nakabalot sa likuran ng lalamunan na nagpapahirap sa paghinga. Ang mga delikadong komplikasyon na pwede nitong idulot ay ang pamamaga ng leeg, pagbara ng mga daluyan o airways kung saan humihinga ang bata at cardiac arrest o biglaang pagkawala ng heart function na maaaring mauwi sa pagtigil ng pagtibok ng puso.
Madalas na naaapektuhan ng sakit na ito ang mga hindi nabakunahan o sinumang hindi kumpleto ang bakuna. Ang pagbabakuna ang natatanging hakbang laban sa diphtheria. Tinutulungan ng bakunang ito ang tao upang labanan ang sakit sa paraang hindi nakasasama sa katawan.

## Impeksyong Tetanus

Bunga ito ng isang bacteria (*Clostridum tetani*) na madalas matagpuan sa lupa, dumi, aspalto at sa sikmura ng ilang mga hayop gaya ng mga baka, tupa at kabayo na inilalabas ang bacteria bilang dumi.
Kayang mabuhay ng naturang bacteria sa matagal na panahon kahit sa hindi kaaya-ayang mga kondisyon dahil pinalilibutan ito ng matibay na covering o proteksyon. Maaaring makapasok ang *Clostridium tetani* sa isang simpleng sugat. Kapag ang bacteria ay nakapasok na sa katawan ng tao, lilikha ito ng isang nakasasamang substance (toxin) na makakapinsala sa nervous system at pwedeng magdulot ng paninigas ng mga kalamnan na maaaring mauwi sa kamatayan kapag hindi nakahinga ang pasyente.



## Impeksyong Pertussis



Bunga ito ng isang bacteria (*Bordetella pertussis*) at isa ito sa mga pinakanakakahahawang sakit. Nakababahala ang paglala ng impeksyong ito sa mga pasyenteng hindi pa higit sa isang taong gulang sapagkat ang patuloy at paulit-ulit na pag-ubo ay nagdudulot ng matinding kahirapan sa paghinga. Bukod dito, mas madalas na magkaroon ng matitinding komplikasyon ang mga sanggol na pwedeng magdulot ng permanenteng pinsala sa nervous system (encephalopathy) o sakit sa utak. Ang pinsala sa utak ay posibleng sanhi ng kakulangan ng oxygen sa dugo habang nangyayari ang matinding pag-ubo o di kaya epekto ng nakasasamang substance (toxin) na nililikha ng bacteria sa katawan ng tao. Sa ilang mga kaso, ang encephalopathy ay nakadudulot ng kamatayan sa mga bata.

## Impeksyong dulot ng Poliovirus o Polio

Ang polio ay isang matinding karamdaman na sanhi ng poliovirus. Tanging tao lamang ang naaapektuhan ng sakit na ito. Sa tatlong uri ng poliovirus (serotype 1, 2, 3) na natukoy ng mga eksperto, ang unang uri ang pinakanagdudulot ng paralisis at ang madalas na sanhi ng epidemya o pagkalat ng nakahahawang sakit sa isang komunidad.
Ang virus ay naipapasa ng tao sa kapwa tao sa pamamagitan ng paghawak ng kamay o mga bagay na may taglay ng virus. Naipapasa rin ito sa pagkain o tubig na maaaring magdulot ng nakababahalang mga sakit sa utak at magresulta sa malalang mga karamdaman.
Mga bata ang pinakamabilis na mahawa ng polio.
Ang pagpapabuti ng mga kondisyon sa kalinisan sa ating bansa ay nakakatulong na pigilan ang pagkalat ng maraming nakahahawang sakit kagaya ng polio. Ngunit hindi sapat ang kalinisan para maiwasan ang mga nakahahawang sakit sapagkat bakuna lamang ang tiyak na proteskyon laban sa ganitong mga karamdaman. Sa pamamagitan ng pagbabakuna, ganap nating masusupil ang lahat ng epidemya.

## Impeksyong Hepatitis B

Bunga ito ng isang virus na nakapipinsala ng atay at nagiging sanhi ng pamamaga nito.Ang impeksyong ito ay naipapasa sa dugo ng taong naturukan o nasugatan gamit ang mga bagay na infected o may taglay na virus gaya ng heringgilya (injection o syringe), gunting, blade at maging sipilyo. Naipapasa rin ito sa palitan ng bodily fluids gaya ng sperma o tamod at mga likido mula sa ari ng babae.

Sa panahon ng pagbubuntis, maaring maipasa ng nanay na may impeksyon ang virus sa kanyang sanggol.

## Impeksyong Hib (Haemophilus influenzae type b)

Bunga ito ng isang bacteria na iba sa mga virus na nagsasanhi ng karaniwang porma ng influenza. Ang mikrobyong ito ay kadalasang matatagpuan sa ilong at sa lalamunan ng mga tagapagdala ng sakit na walang anumang palatandaan o sintomas ng sakit.

Samantala, ang “type b” ay bunga ng isang bacteria na higit na nakahahawa sapagkat hindi ito namamalagi sa ilong at lalamunan lamang. Bagkus, kaya nitong makapasok sa dugo at magpakalat ng impeksyon sa utak, baga, buto, at iba pang bahagi ng katawan ng pasyente.

Karamihan sa mga naapektuhan ng impeksyong ito ay dapat itakbo at mamalagi sa ospital. Maaari itong magdulot ng permanenteng pinsala sa mga sanggol at batang apektado gaya ng kombulsyon, pagkabingi, pagkabulag, paralisis, diperensya sa pag-iisip at sa matitinding kaso ay pwede ring mauwi sa kamatayan.





brochure_vaccinazioni-ed2_PH.indd 9 09/09/25 16:48

# Impeksyong Pneumococcal

Bunga ito ng isang bacteria (*Streptococcus pneumoniae*) na malimit matagpuan sa kalikasan. Ang 'pamilya' ng mga mikrobyong ito ay binubuo ng 90 uri (serotype). Lahat ng ito ay may scientific name na *Streptococcus pneumoniae* ngunit pinapangalan din ang mga ito ayon sa uri (gamit ang 1 hanggang 90 bilang pantukoy).



Madalas na matatagpuan ang naturang bacteria sa ilong at lalamunan ng mga tagapagdala ng sakit na walang anumang palatandaan o sintomas ng sakit na kanilang sinasanhi. Sa 90 uring natukoy ng mga eksperto, ilan lamang ang posibleng magdulot ng sakit. Ilan sa mga sakit na maaari nilang idulot ay ang bacterial meningitis (pamamaga ng membrana na nagsisilbing proteksyon sa utak), pulmonya o mga impeksyong nagkalat sa buong katawan ng pasyente (sepsis).

# Impeksyong Meningococcal 8 at ACWY

Ang mga uri ng bacteria na mengoccocal ay madalas na nagsasanhi ng malalang komplikasyon na maaring mauwi sa pagkamatay ng pasyente. Mayroong 13 na uri ng bakteryang ito na kasalukuyang natutukoy. Lima rito ang responsable sa pagkalat ng impeksyong meningoccocal sa mundo: A, B, C, Y, W135.

Ang mga grupong B at C ang pinakatalamak sa Italya. Gayunpaman, mataas pa rin ang bilang (kulang-kulang 30%) ng mga impeksyong imposibleng matukoy kung aling grupo ng meningococcal bacteria ang sanhi.

May dalawang uri ng bakuna para labanan ang ganitong klaseng impeksyon: isang bakuna para sa meningococcal type B at isa pang bakuna para sa mga meningococcal type ACWY.



brochure_vaccinazioni-ed2_PH.indd 10 09/09/25 16:48

## Impeksyong Morbillo o Tigdas

Sinasanhi ito ng isang virus at mabilis itong kumalat.
Ang sakit ay naipapasa sa pamamagitan ng paglanghap ng hangin na may taglay ng virus.Kadalasan ang sakit ay nabubuo sa loob ng 8-12 na araw (incubation period) mula sa exposure sa hanging may taglay ng virus.
Ilan sa mga palatandaan o sintomas ng tigdas ay mataas na lagnat, ubo, conjunctivitis (pamamaga sa parte ng mata na tinatawag na ‘conjunctiva’) at pamamantal sa buong katawan pati na rin sa mukha.
Maaring magsanhi ang tigdas ng mga malalang komplikasyon sa batang pasyente ng gaya ng impeksyon sa tenga, pulmonya, laryngotracheitis at diarrhea o pagtatae.
Isa sa 1000 kaso ng tigdas ay nakapipinsala sa nervous system at nauuwi sa pamamaga ng utak (encephalitis) na nagdudulot ng permanenteng pinsala sa (pagkabingi, diperensya sa pag-iisip) 40% ng mga pasyenteng gumaling mula sa sakit. Samantalang inaagawan naman ng buhay ang 3-15% ng mga apektado nito. Sa ngayon, wala pang natutukoy na mabisang gamot laban sa tigdas kaya ang pinakamainam na proteksyon laban dito ay ang pag-iwas sa pamamagitan ng pagpapabakuna.

## Impeksyong Parotitis o Beke/Biki

Bunga ito ng virus na naipapasa sa pamamagitan ng droplets o mga patak mula sa ilong at lalamunan. Kadalasan ang sakit ay nabubuo sa loob ng 16-18 araw (incubation period) mula sa exposure sa hanging may taglay ng virus.
Ang pasyenteng apektado ng epidemic parotisis na tinatawag ring beke/biki ay maari nang makahawa 1-2 araw bago magsimula ang pamamaga ng pisngi at mananatiling nakahahawa pagkatapos ng 5 araw.
Madalas na palatandaan ng nakahahawang sakit na ito ang paglobo ng pisngi na bunga ng pamamaga ng parotid gland na sinasamahan ng lagnat. Maaring sabay ang pamamaga ng magkabilang pisngi ngunit maaari ring isang pisngi lamang ang maapektuhan.



Pwede ring isang pisngi muna ang mamaga bago ang kabila.
Maaaring magdulot ang beke ng meningitis sa 1 sa 200 na pasyente. Ang tinatayang 20-30% naman ng mga lalaking nagkakaroon ng beke pagkatapos ng pagbibinata o puberty ay nakararanas ng pamamaga sa ari na maaaring magdulot ng pagkabaog.



brochure_vaccinazioni-ed2_PH.indd 11 09/09/25 16:48

## Impeksyong Rubella o Tigdas Hangin

Bunga ito ng virus na naipapasa pagkatapos maipanganak sa pamamagitan ng mga likidong lumalabas mula sa ilong ng bata.
Ang incubation period ay tumatagal nang 14-23 araw, kadalasan ay 16-18 araw.
Ang pasyente ay pinakanakakahahawa ilang araw bago ang paglabas ng mga pantal sa balat at isang linggo o pitong araw matapos ang paglabas nito.
Hindi agarang makikita ang mga sintomas sa 25-50% ng mga kaso.
Ilan sa mga palatandaan o sintomas ay hindi gaanong mataas na lagnat, paglobo ng lymph nodes na mapapansin bilang pamamaga ng leeg ng bata at pamamantal ng balat sa maikling panahon.
Ang impeksyong ito ay pinakadelikado kung mahahawa sa unang pagkakataon ang babae sa kalagitnaan ng kanyang pagbubuntis.
Sa kasong ito, posibleng mapinsala ng virus ang sanggol sa sinapupunan na maaaring mauwi sa pagkalaglag ng bata o sa malalang diperensya sa puso, sa mata, sa pandinig at sa utak.

## Impeksyong Chicken Pox o Bulutong

Bunga ito ng varicella-zoster virus (VZV) na naipapasa ng apektadong pasyente sa kapwa tao sa pamamagitan ng paghinga o paghawak sa mga vesicles o mga pantal na dulot ng bulutong.
Kadalasan ay hindi malalang karamdaman ang bulutong pero sa kaso ng maliliit na bata at mga matatanda maaari itong maging mapinsala at sa napakadalang na kaso ay maaaring mauwi sa kamatayan.
Ilan sa mga karaniwang palatandaan ay lagnat, ubo, pananakit ng ulo at hindi mabuting pakiramdam o panghihina. Pangunahing sintomas ang mga pantal sa mukha at ulo hanggang sa buong katawan. Ang pamamantal ay nagsisimula bilang butlig na sa kalaunan ay nagiging vesicles (mga pantal na may likido), nana at langib. Ang batang apektado ay maaaring magkaroon ng 300-500 na pantal sa kanyang balat habang siya ay may sakit.
Pwede rin itong mauwi sa pulmonya (23 sa bawat 10,000 kaso), karagdagang bacterial infection dulot ng mga nana, peklat sa balat, arthritis, mga pinsala sa utak (higit sa 1 sa bawat 10,000 kaso), thrombocytopenia o pagbaba ng produksyon ng mga platelet sa katawan at pamamaga ng utak na maaring magdulot ng kakulangan ng motor coordinantion (cerebral ataxia).
Mas madalas na magkaroon ng mga komplikasyon ang mga sanggol na apektado ng naturang sakit, mga matatanda at sinumang may kakulangan.



brochure_vaccinazioni-ed2_PH.indd 12 09/09/25 16:48

# Trangkaso o Influenza

Ito ay isang matinding sakit sa sistemang respiratoryo o  pamamaraang panghinga na, depende sa tindi ng kaso, maaaring mauwi sa ospital ang maysakit o higit pa rito, minsan ay maaaring mauwi sa kamatayan. Ang trangkaso ay nagmumula sa mga virus na dulot ng pagbabago ng panahon (tinatawag ding *seasonal influenza*). Sa Italya, karaniwan itong kumakalat sa panahon ng taglagas, umaabot sa rurok sa mga buwan ng taglamig, at humuhupa naman tuwing tagsibol at tag-init.

Ang mga virus na ito ay karaniwang kumakalat sa pamamagitan ng mga patak ng laway o di kaya sa pamamagitan ng kontaminadong hininga o likido mula sa paghinga. Kaya naman madalas na nakakahawa ang ubo, bahing at direktang kontak o hawak ng taong maysakit. Dalawang araw ang karaniwang panahon ng incubasyon ng sakit na ito, ngunit maaari itong magbago mula isa hanggang apat na araw. Ang mga bata at mga taong may mahinang sistemang pananggalang o immune system ay nanganganib na magkasakit nang mas matagal at magkalat ng virus nang mas mabilis.

Ayon sa Ministeryo ng Kalusugan, itinuturing na ang mga malusog na bata sa edad na 6 buwan hanggang 6 na taon ay nasa mataas na panganib para sa mga komplikasyon o pagpasok sa ospital dulot ng trangkaso o influenza, kaya't inirerekomenda at inaalok ng libre ang seasonal na pagbabakuna laban sa trangkaso.

Ayon sa Ministeryo ng Kalusugan, maski ang mga malulusog n abata sa edad na 6 na buwan hanggang 6 na taon ay nasa mataas na panganib na magkaroon ng komplikasyon o na mauwi sa ospital dulot ng trangkaso. Kaya't mariing inirerekomenda at libreng ibinibigay ang seasonal na pagbabakuna laban sa trangkaso.



# Pambansang kalendaryo ng pagbabakuna 2023-2025

| | 2 buwan | 3 buwan | 4 buwan | 5 buwan | 6 buwan | 10 buwan | 12 buwan | 13/14 buwan | 5 taon | 6 taon | 11 taon | 12-18 taon | 19-59 taon | 50-64 taon | 60 taon | 65 taon | 66 taon pataas |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Hexavalent: Diphtheria, tetanus, pertussis (whooping cough), hepatitis B, Haemophilus influenzae type B (DTaP-IPV-HBV-Hib) | ■ | | ■ | | | ■ | | | | | | | | | | | |
| Rotavirus (RV) | ■ | ■ | ■ | ■ | | | | | | | | | | | | | |
| Conjugated pneumococcal vaccine (CPV) | ■ | | ■ | | | ■ | | | | | | | | | | ■ | ■ |
| Meningococcus B (MenB) | ■ | ■ | ■ | ■ | | | | ■ | | | | | | | | | |
| Measles, Mumps, Rubella, Varicella (MMRV or MMR + V) | | | | | | | ■ | | ■ | | | | | | | | |
| Meningococcus ACWY (MenACWY) | | | | | | | ■ | | | | | ■ | | | | | |
| Diphtheria, tetanus, pertussis, polio (DTap-IPV/dTap-IPV) | | | | | | | | | ■ | | | ■ | | | | | |
| Papillomavirus (HPV) | | | | | | | | | | | ■ | | | | | | |
| Diphtheria, tetanus, pertussis vaccine for adults (dTap) | | | | | | | | | | | | | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ |
| Influenza (flu) | | | | | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | ■ | | | | | ■ | ■ | ■ |
| Herpes Zoster (HZV) | | | | | | | | | | | | | | | | ■ | ■ |

■ Inirerekomendang bakuna sa bawat edad.

*Tandaan*: Ang mga edad (buwan at taon) ay dapat naabot na. Halimbawa: ang unang dosis ng DTaP-IPV-HBV-Hib ay maaari nang ibigay simula ng pagtungtong ng dalawang buwan, o simula sa ika-61 araw ng buhay, ang booster shot ng DTaP-IPV-HBV-Hib simula ng sampung (10) buwan, o simula sa ika-301 araw ng buhay, atbp.

**Rotavirus** – bakuna kontra sa *Rotavirus*

**PCV** – *conjugated pneumococcal vaccine*

**IPV** – *inactivated* na bakuna laban sa *polio*

**MenB** – bakuna laban sa *meningococcus B*

**MMRV** – bakunang tetravalent para sa tigdas (*measles*), beke (*mumps*), tigdas-hangin (*rubella*) at chickenpox/bulutong (*varicella*)

**MMR** – bakunang tetravalent para sa tigdas (*measles*), beke (*mumps*), tigdas-hangin (*rubella*)

**V** – bakuna laban sa chickenpox/bulutong (*varicella*)

**MenACWY** – bakuna laban sa *conjugated meningococcus ACWY*

**EpB** – bakuna laban sa *hepatitis B virus*

**Hib** – bakuna laban sa *invasive infections* ng *Haemophilius influenzae type B*

**DTPa** – bakuna laban sa *diphtheria*, *tetanus*, *acellular pertussis*

**dTpa** – bakuna laban sa *diphtheria*, *tetanus*, *acellular pertussis* at *inactivated polio*, *adult formulation*

**HPV** – bakuna laban sa *papillomavirus*

**Influenza** – bakuna laban sa trangkaso

**HZ** – bakuna laban sa *herpes zoster*



brochure_vaccinazioni-ed2_PH.indd 14 09/09/25 16:48



Richiesto il patrocinio del

Ministero della Salute

# Mga bakuna? Nagtatrabaho sila!

Società Italiana di Pediatria

www.sip.it

SIN Società Italiana di Neonatologia

www.sin-neonatologia.it